

Tagalog

## Mag-aplay para sa pagkakataon na makatanggap ng Seattle Housing Authority

### Voucher ng Pagpili ng Pabahay



Matuto nang higit pa at mag-aplay sa [seattlehousing.org](https://seattlehousing.org)

Ang programang Voucher sa Pagpili ng Tirahan ng SHA (Seksyon 8) ay nagbibigay ng tulong sa pag-upa para sa mga taong may mababang kita upang umupa mula sa mga may-ari ng bahay sa buong merkado ng paupahan ng Seattle.

Patuloy ang pagtanggap ng aplikasyon. Maaaring mag-aplay ang mga tao anumang oras at pipiliin ang mga aplikante nang random kapag may mga voucher na magagamit. Ang pagkakataon na mapili mula sa listahan ay pareho kahit kailan mag-aplay ang sambayanan.

Ang aplikasyon ay libre; kung ang anumang website ay humihingi ng pera upang makumpleto ang aplikasyon ay hindi sa tamang site. Upang maiwasan ang mga mapanlinlang na mga website, dapat i-type ng mga aplikante ang [seattlehousing.org](https://seattlehousing.org) sa browser sa internet.

Susuriin ng SHA ang pagiging karapat-dapat at kukumpirmahin ang kita sa oras na ang mga aplikante ay mapili mula sa listahan. Ang mga aplikante na nakakatugon sa mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat sa programa ng voucher at nakakatugon sa mga kagustuhan sa programa ay paglilingkuran.

Ang mga aplikante na nangangailangan ng tulong sa pag-aplay sa online, nais ng papel na aplikasyon, nais na mag-aplay nang personal, nangangailangan ng accomodation para sa may kapansanan, o nangangailangan ng pagsasalin o tagapagsalin ay maaaring makipag-ugnayan sa kawani ng Voucher sa Pagpili ng Tirahan ng SHA sa 206.239.1674 o sa pamamagitan ng email sa [voucherlist@seattlehousing.org](mailto:voucherlist@seattlehousing.org).

